Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BARANGAY POBLACION IV NOONG IKA- 29 NG NOBYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO ........................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ........................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar ........................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ........................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ........................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ........................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ........................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ........................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan ........................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ........................ | Kagawad |

## *KAPASIYAHAN BLG. 364-T'2000*

*KAPASIYAHANG SINUSUPORTAHAN ANG RESOLUSYON BLG. 01-T'2000 NG SAMAHAN NG MGA MAGULANG AT GURO NG PAARALANG ELEMENTARYA NG OOGONG, BAYANG ITO NA HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NA MAISAGAWA ANG PAGPAPAKUMPUNI NG MGA SILID-ARALAN NG NASABING PAARALAN SA LALONG MADALING PANAHON.*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Resolusyon Blg. 01-T'2000 ng Samahan ng mga Magulang at Guro ng Paaralang Elementarya ng Oogong na naglalayong hilingin sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. na maisagawa ang pagkukumpuni ng 12 silid-aralan sa mga apat na gusaling sakop ng naturang paaralan;

*SAPAGKA'T,* may 434 na mga bata na kasalukuyang nag-aaral sa naturang paaralan ang umaasa sa pagkalingang inyong maipagkakaloob upang mapangalagaan at maseguro ang kaligtasan ng mga mag-aaral laban sa anumang panganib na dala ng kalumaan at pagkasira ng mga bubong;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa kapakanang pangkagalingan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Jeffrey A. Villaseñor at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na suportahan ang Resolusyon Blg. 01-T'2000 ng Samahan ng mga Magulang at Guro ng Paaralang Elementarya ng Oogong, Bayang ito, na humihiling sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. na maisagawa ang pagpapakumpuni ng mga silid-aralan ng nasabing paaralan sa lalong madaling panahon.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Punong Bayan, G. Ronaldo Cambel, Teacher –in-Charge at Samahan ng mga Magulang at Guro, Paaralang Elementarya ng Oogong, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.
PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BARANGAY POBLACION IV NOONG IKA- 29 NG NOBYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .................................. Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .................................. Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar .................................. Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .................................. Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison .................................. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon .................................. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .................................. Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca .................................. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .................................. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco .................................. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .................................. Kagawad

*KAPASIYAHAN BLG. 364-T'2000*

*KAPASIYAHANG SINUSUPORTAHAN ANG RESOLUSYON BLG. 01-T'2000 NG SAMAHAN NG MGA MAGULANG AT GURO NG PAARALANG ELEMENTARYA NG OOGONG, BAYANG ITO NA HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NA MAISAGAWA ANG PAGPAPAKUMPUNI NG MGA SILID-ARALAN NG NASABING PAARALAN SA LALONG MADALING PANAHON.*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Resolusyon Blg. 01-T'2000 ng Samahan ng mga Magulang at Guro ng Paaralang Elementarya ng Oogong na naglalayong hilingin sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. na maisagawa ang pagkukumpuni ng 12 silid-aralan sa mga apat na gusaling sakop ng naturang paaralan;

*SAPAGKA'T,* may 434 na mga bata na kasalukuyang nag-aaral sa naturang paaralan ang umaasa sa pagkalingang inyong maipagkakaloob upang mapangalagaan at maseguro ang kaligtasan ng mga mag-aaral laban sa anumang panganib na dala ng kalumaan at pagkasira ng mga bubong;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa kapakanang pangkagalingan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Jeffrey A. Villaseñor at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na suportahan ang Resolusyon Blg. 01-T'2000 ng Samahan ng mga Magulang at Guro ng Paaralang Elementarya ng Oogong, Bayang ito, na humihiling sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. na maisagawa ang pagpapakumpuni ng mga silid-aralan ng nasabing paaralan sa lalong madaling panahon.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Punong Bayan, G. Ronaldo Cambel, Teacher –in-Charge at Samahan ng mga Magulang at Guro, Paaralang Elementarya ng Oogong, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

ORIGINAL SIGNED

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan